IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

# Sohoton Cove: Tanawing Panturismo at ang Nakatagong Kuwento para sa Lokalisasyong Pagtuturo ng Panitikan

**Quiban, Charlotte E., Serdan, Geraldine A.**
Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract**: *Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang Sohoton Cove bilang tanawing panturismo at kasangkapan sa lokalisadong pagtuturo sa edukasyon sa Lungsod ng Socorro, Surigao del Norte. Tinutukoy ng pag-aaral ang mga pagpapahalagang kultural—paniniwala, norms, at mores—na masasalamin sa mga alamat ng lugar at kung paano ito nakaaambag sa pagkakakilanlan ng komunidad. Isinagawa ang pananaliksik gamit ang deskriptibong kwali-kwantitatibong disenyo na sinusuportahan ng panayam, sarbey, at dokumentaryong pagsusuri. Kabilang sa mga tagatugon ay ang mga residente, turista, at stakeholder ng Sohoton. Ipinakita sa resulta na ang mga kuwentong-bayan ay naglalaman ng mataas hanggang napakataas na antas ng pagpapahalagang kultural na nagpapalalim sa pagkakakilanlan ng mga taga-Socorro. Dagdag pa rito, positibong naitala ang epekto ng Sohoton Cove sa pag-unlad ng sosyo-kultural, ekonomiya, at turismo ng lungsod. Gayunpaman, batay sa correlation analysis, walang makabuluhang estadistikal na ugnayan ang mga kultural na pagpapahalaga sa epekto nito sa komunidad, na nangangahulugang may iba pang salik na nakaaapekto sa mga pagbabago sa lugar. Sa huli, inirekomenda ang paggamit ng Sohoton bilang estratehikong sanggunian sa pagtuturo at paglinang ng lokal na identidad sa edukasyon*

**Keywords**: Sohoton Cove, Pagpapahalagang Kultural, Lokalisadong Edukasyon, Panitikan at Alamat, Pag-unlad ng Komunidad.

## I. INTRODUCTION

Ang turismo ay ang paggalaw ng isang tao o mga tao sa isang lugar malapit man o malayo para sa paglibang, negosyo at iba pang mga layunin (World Tourism Organization). Ito ay paglalakbay para sa layuning gustong matamo ng kasiyahan at pagpapahinga mula sa napakapagod na mga araw. Maging paraan din ito sa pakikipaghalubilo sa mga local na mamamayan, makatuklas ng bagong kultura at maranasan ang kagandahan ng kalikasan.

Ang Sohoton Cove ay isa sa pinakatanyag na destinasyon sa Socorro, Surigao del Norte, na kilala sa natatanging kagandahan at likas na yaman. Ayon kay Perez (2018), ang mga natural na tanawin ng Sohoton Cove, tulad ng mga mala-kuweba at kristal na asul na tubig, ay nagpapakita ng likas na yaman ng Pilipinas na pangunahing dinadayo ng mga lokal at dayuhang turista. Gayunpaman, kulang ang pananaliksik hinggil sa paraan ng pagpoposisyon ng Sohoton Cove bilang bahagi ng pagkakakilanlan ng Socorro, lalo na sa larangan ng turismo at edukasyon. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri, maaaring linangin ang halaga ng Sohoton bilang kasangkapan sa pagtuturo ng lokalisasyon at pagpapahalaga sa kultura.

Bukod sa likas na kagandahan, ang Sohoton Cove ay mayaman sa kasaysayan at kultura na maaaring magbigay ng mas malalim na koneksyon sa lokal na komunidad. Batay sa pag-aaral nina Ledesma at Rivera (2019), ang lokalisadong pagtuturo ay mahalagang estratehiya sa pagbibigay-kahulugan at pagpapalaganap ng kultura at kasaysayan sa kabataan. Gayunpaman, sa kasalukuyan ay kulang ang mga pag-aaral na gumagamit ng Sohoton bilang materyal sa pagtuturo ng lokalisadong kasaysayan at kultura ng Socorro, bagay na nagiging balakid sa lubusang pagpapakilala ng lugar sa mga mag-aaral at residente.

Bilang pangunahing tanawin, malaki ang naiaambag ng Sohoton Cove sa pagbuo ng turismo sa Socorro. Ayon kina Villafuerte at Reyes (2020), ang turismo ay nagiging pangunahing salik sa pag-unlad ng isang lugar, ngunit may

pangangailangan para sa sapat na estratehiya upang mapanatili ang kaakit-akit nito sa mga turista. Bagaman napag-aralan ang kontribusyon ng Sohoton Cove sa turismo ng Socorro, hindi natatalakay kung paano nito naisasalamin ang pagkakakilanlan ng lungsod at kung paano ito makikita bilang pagpapakita ng lokal na kasaysayan at kultura. Ang ganitong aspekto ay isang mahalagang puwang sa kasalukuyang pananaliksik.

Ipinakita rin ng mga pag-aaral na ang kakulangan sa wastong pangangasiwa at promosyon ng Sohoton Cove ay nakakaapekto sa pagtingin ng mga turista at sa pangkalahatang ekonomiya ng Socorro (Gonzalez, 2021). Sa kabila ng malaking potensyal nito, kinakailangan ng mas maraming pananaliksik sa mga posibleng polisiya at estratehiya upang mas mapagtibay ang papel ng Sohoton sa pagtuturo at turismo. Ang ganitong pag-aaral ay magiging daan upang maunawaan ang pangunahing mga hamon sa lokal na turismo at magbigay ng kaukulang rekomendasyon sa pagpapaunlad ng sektor.

Kung kaya layunin ng pananaliksik na ito na punan ang kasalukuyang puwang sa kaalaman hinggil sa potensyal ng Sohoton Cove bilang tanawin ng pagkakakilanlan ng Socorro. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa etimolohiya, kultura, at kontribusyon nito sa lokal na turismo, magamit ang pag-aaral na ito bilang estratehiya para sa paggamit ng Sohoton sa pagtuturo ng lokalisadong edukasyon. Ang ganitong pananaliksik ay makakatulong sa pagtataguyod ng mas malalim na pagkilala sa pagkakakilanlan ng Socorro sa loob at labas ng rehiyon.

**Paglalahad ng Suliranin (Anyong Layunin)**

Layunin ng pananaliksik na ito na masuri ang *Sohoton Cove: Tanawing Panturismo at ang Nakatagong Kuwento* bilang sanggunian sa lokalisadong pagtuturo sa edukasyon. Nilalayon ng pag-aaral na ito na gamitin ang Sohoton bilang estratehiya para sa pagpapatupad ng lokalisadong edukasyon. Partikular na layunin ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod:

Matukoy ang mga pagpapahalagang kultural (identidad) na masasalamin sa kuwento ng Sohoton Cove batay sa mga sumusunod na aspekto:

1.1. Paniniwala
1.2. Norms
1.3. Mores

Masuri ang mga epektong dulot ng Sohoton Cove sa pag-unlad ng Lungsod ng Socorro batay sa mga sumusunod na larangan:

2.1. Pag-unlad ng Turismo
2.2. Pag-unlad ng Ekonomiya
2.3. Pag-unlad ng Sosyo-Kultural

Matukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga pagpapahalagang kultural na matatagpuan sa Sohoton Cove at ng mga epektong dulot nito sa mga mamamayan ng Socorro na binanggit sa layunin blg. 2.

Makabuo ng isang Instructional Supervision Plan na magsisilbing panukala sa pagpapaunlad ng turismo at epektibong pagtuturo sa larangan ng edukasyon.

**PAMARAAN NG PANANALIKSIK**

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos sa kanyang pananaliksik, ito ang disenyo ng pananaliksik, kaligiran ng pananaliksik, kabuuan at sampol ng mga impormante ng pananaliksik, instrumentong gagamitin sa pananaliksik, at ang paraan ng pagkalap o paglikom ng mga datos.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay deskriptibong kwali-kwantitatibong disenyo ng pananaliksik. Kwalitatibo upang maunawaan ang mga karanasan, pananaw, at interpretasyon ng mga tao tungkol sa Sohoton Cove at ang kaugnayan nito sa pagkakakilanlan ng Lungsod ng Socorro. Samantalang kwantitatibo naman upang mailarawan ang epektong dulot ng Sohoton Cove sa pag- unlad ng Lungsod ng Socorro.

**Tagatugon**

Ang mga impormante ng nasabing pag-aaral: Una, ay ang mga lumad o residente ng Socorro na may edad na 18 hanggang 80 taong gulang ang magiging pangunahing tagatugon sa pag-aaral na ito. Makukuha mula sa kanila ang mga pananaw tungkol sa kasaysayan, kultura, at kahalagahan ng Sohoton Cove sa kanilang buhay. Ikalawa, ang mga turista na bumibisita sa Sohoton Cove ay magbibigay ng pananaw tungkol sa kanilang karanasan sa lugar at kung paano ito nakakaapekto sa kanilang pang- unawa sa Lungsod ng Socorro. At ang pangatlo, ang mga stakeholder na may interes sa Sohoton Cove, tulad ng mga local na opisyal, mga negosyante, mga environmentalist, at mga grupo ng komunidad. Makukuha mula sa kanila ang mga pananaw tungkol sa pag-unlad, preserbasyon, at pangangalaga ng lugar.

Narito sa ibaba ang distribusyon ng kabuuang populasyon ng pananaliksik.

**Talahanayan** 1.Distribusyon ng Tagatugon

| **Mga Tagatugon** | **Bilang ng Tagatugon** | **Kabuuan Bilang** |
|---|---|---|
| Lumad O Residente Ng Socorro | 10 | 10 |
| Turista | 50 | 50 |
| Stakeholder | 30 | 30 |
| **Kabuuan Bilang** | 90 | 90 |

Sa pananaliksik na ito ang Purposive Sampling ang gagamitin sa pagpili ng mga kalahok, upang masiguro na ang mga tagatugon ay may sapat na kaalaman na maaring magbigay ng mahalagang kontribusyon sa pag-unawa at may partikular na mga karanasan o pananaw tungkol sa Sohoton Cove.

**Kaligiran ng Pananaliksik**

Ang bayan ng Socorro ay isang progresibong komunidad na matatagpuan sa isla ng Bucas Grande, isang bahagi ng lalawigan ng Surigao del Norte sa rehiyon ng Caraga, Mindanao. Kilala ang bayan ng Socorro hindi lamang dahil sa likas na kagandahan ng mga isla nito, tulad ng mga tanyag na tanawin sa Sohoton Cove, kundi pati na rin sa masaganang kasaysayan at kultura na patuloy na nagbibigay ng malalim na identidad sa mga mamamayan nito. Ang Socorro ay binubuo ng mga rural na barangay, na karamihan ay umaasa sa agrikultura at pangingisda bilang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan. Bagaman ito ay isang munisipalidad na malayo sa mga urbanong sentro, ang bayan ay patuloy na umuunlad sa pamamagitan ng turismo, na dulot ng mga natural na atraksyon sa lugar. Isa sa mga tanyag na destinasyon ay ang Sohoton Cove, na dinarayo ng mga lokal at banyagang turista dahil sa natatanging likas na yaman ng lugar, tulad ng mga kuweba, lagoon, at mala-kristal na tubig.

Ang Sohoton Cove ay matatagpuan sa Lungsod ng Socorro, Surigao del Norte, sa rehiyon ng Caraga sa Pilipinas. Kilala ito sa kanyang nakamamanghang tanawin at mga likas na yaman, na naging isang pangunahing destinasyon para sa mga lokal at dayuhang turista. Ang cove ay bahagi ng Sohoton Natural Bridge National Park, na itinatag upang pangalagaan ang natatanging ekolohiya at biodiversity ng lugar. Binubuo ito ng mga limestone cliffs, mala-kristal na tubig, at mga kweba, na nagbibigay ng isang natatanging natural na kapaligiran.

Ang Sohoton Cove ay sikat sa mga aktibidad na panturismo tulad ng kayaking, island hopping, at snorkeling. Ang mga bisita ay maaaring mag-explore ng mga kuweba, tulad ng Sohoton Cave, at masilayan ang mga likas na yaman ng cove. Ayon sa mga lokal, ang Sohoton Cove ay hindi lamang isang tanawin kundi isa ring mahalagang bahagi ng kanilang kultura at kasaysayan. Ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga tradisyon ng mga taga-Socorro, na nagpapahalaga sa kalikasan at mga likas na yaman.

Ang kasaysayan ng Socorro ay nag-ugat sa maliliit na pamayanang mangingisda at magsasaka na unti-unting lumago dahil sa kanilang pagkakaisa at sama-samang pagtutulungan. Sa kabila ng heograpikal na distansya nito mula sa mas sentralisadong mga lugar sa Surigao del Norte, napanatili ng Socorro ang kanilang mga tradisyon at kultura, na nagiging batayan ng kanilang komunal na identidad.

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67




**Plate 1**. Mapa ng Socorro, Surigao del Norte

Sa kasalukuyan, ang Sohoton Cove ay patuloy na nagiging mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng Lungsod ng Socorro. Ang mga lokal na residente at mga namumuno sa lungsod ay nagtutulungan upang itaguyod ang Sohoton bilang isang simbolo ng kanilang kultura at pagkakaisa. Ang pananaliksik ukol sa Sohoton Cove ay mahalaga upang higit pang mapalalim ang kaalaman sa mga benepisyo nito sa lokal na komunidad, pati na rin ang mga hakbang na kinakailangan upang mapanatili ang kagandahan at yaman ng lugar para sa susunod na henerasyon.

Sa kabuuan, ang Sohoton Cove ay hindi lamang isang natatanging tanawin kundi isang mahalagang bahagi ng buhay at kultura ng mga tao sa Socorro. Ang mga pagsisikap upang pangalagaan at itaguyod ang cove ay may malaking epekto sa pagbuo ng isang mas matibay at sustainable na komunidad.

**Instrumento**

Ang instrumentong gagamitin sa pananaliksik na ito ay pakikipanayam na kung saan ang mananaliksik ay magtatanong sa mga impormante na siyang pagkukunan ng mga datos. Ang pagkuha ng impormasyon sa isang impormante ay may awtoridad o may personal na pagka-unawa sa paksa ng pananaliksik.

Sarbey na talatanungan, inangkop ng mananaliksik ang sarbey na talatanungan mula kina Calopez et al., (2012) na ginamit din ni Luna, (2015). Ang sarbey na talatanungan ay kalaunan binago ng mananaliksik at bineripika ng isang eksperto. Ito ay binubuo ng dalawang bahagi: ang unang bahagi ng talatanungan ay tungkol sa demograpikong profile ng mga respondente, at ang ikalawang bahagi ay tumalakay sa epektong dulot ng Sohoton Cove sa pag- unlad ng Lungsod ng Socorro. Ang mga nakalap na datos ay pagsama-samahin at tutukuyin ang mga pangunahing opinyon ng mga respondente hinggil sa suliranin.

At dahil sariling gawa lamang ang talatanungan nangangailangan pa ito ng balidasyon mula sa mga eksperto. Kung kailangan pa ay dumaan ito sa susunod na proseso;

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

**Validity.** Ang instrumenting ginamit ay ipinakita sa kanyang tagapayo at mga eksperto para mapagtuunan ng pansin at kinikilatis nang masinop ang mga aytem.

**Reliability.** Nasubok din ang katumpakan nito ayon sa mga katangiang ginamit, isinagawa ang pagsusuri sa mga piling indibidwal na hindi kabilang kalakip bilang tagatugon. Pagkaraan ng limang araw ang mga nasabing mga indibidwal ay dadaan at susubuking muli ang kanilang kakayahan sa pangalawang pagkakataon. Ang pamamaraang ito ay ginamit upang matiyak ang pagkakatulad at diperensya sa una at pangalawang pagsubok. Ito ay tinawag sa pamamaraang "run-rerun method"

**Etika at Paraan sa Pangangalap ng mga Datos**

Isang buwan ang igugugol ng mananaliksik sa pangangalap ng datos. Magsasagawa rin ng sistematikong hakbang ang mga mananaliksik para maging maayos ang pangonglekta ng datos sa panahon ng fildwork.

**Paghingi ng Pahintulot.** Sumulat ng liham ang mananaliksik sa Munisipalidad ng Socorro na sakop ng pag-aaral na ito upang humingi ng pahintulot para makakuha ng datos. Ipinaliwag din ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral maging ang krayterya sa pagpili ng impormante sa gingawang pag-aaral.

**Pagkakaroon ng Panayam (Interview).** Ang mga pakikipanayam ay isasagawa sa mga residente ng Socorro, mga turista, at mga stakeholder na mgay kaugnayan sa Sohoton Cove. Ang mga pakikikipanayam ay magtatanong tungkol sa kanilang mga karanasan, pananaw, at interpretasyon sa lugar, ang kasaysayan nito, at ang papel nito sa kanilang pagkakakilanlan. Gagamit din ng audio recording (may pahintulot ng magulang) para sa eksaktong dokumentasyon.

**Pagmamasid (Observation).** Ang pagmamasid ay gagawin sa Sohoton Cove upang maobserbahan ang mga aktibidad, interaksyon, at mga kultural na ekspresyon na nagaganap sa lugar.

**Pagsusuri ng Dokumento.** Ang mga dokumento tulad ng artikulo, libro, mga ulat ng pamahalaan, at mga materyales sa kasaysayan ay susurin upang makuha ang impormasyon tungkol sa kasaysayan, kultura at turismo ng Sohoton Cove at ang Lungsod ng Socorro.

**Pag-aanalisa ng mga Datos**

Ang nakalap na datos ay susuriin upang mas mapadali ang pagtataya rito sa pamamagitan ng mga sumusunod.

***Correlational Analysis.*** Ginamit ito upang matuklasan kung may kaugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol at kung gaano katibay ang relasyong iyon.

**Resulta at Diskusyon**

Sa kabanatang ito ay naglalaman ng paglalahad ng mga nakalap na datos, ang analisis, at interpretasyon batay sa mga layunin ng pananaliksik.

Makikita sa talahanayan 2 ang pagpapahalagang kultural(identidad) na matatagpuan sa mga kuwentong -bayan batay sa aspetong paniniwala ng kung saan nagsisilbing daluyan ng paniniwala at pagpapahalagang kultural ng komunidad.

**Talahanayan 2.**Pagpapahalagang Kultural (Identidad) Batay sa Aspetong Paniniwala

| PAMAGAT NG KUWENTO | PILING PAHAYAG | PANINIWALA | PAGPAPAHALAGANG KULTURAL |
|---|---|---|---|
| **Hagukan Cave** | *"Takot at nanginginig ang magkakaibigan dahil parang may malaking hayop na nakatira doon at humihilik."* | May malaking hayop na humihilik sa loob ng kuweba. | Pinaniniwalaan ng mga mamamayan ng baryo na may kakaibang nilalang sa kuweba dahil sa narinig nilang malakas na tunog. Isa itong pagpapakita ng kanilang paggalang at paniniwala sa mga mahiwagang elemento ng kalikasan. |
| **Alamat ng Crystal Cave sa Sohoton** | *"Mula sa araw na ito, ang kuwebang ito ay magiging* | Ang Crystal Cave ay isang mahiwagang | Pinaniniwalaan ng mga taga-Socorro na may mga sagradong |

IJARSCT

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

| | | | |
|---|---|---|---|
| | *tahanan ng liwanag at ganda—isang lihim na para lamang sa mga pusong dalisay." "Sa mga sumunod na taon, tanging ang may mabubuting puso ang nakakakita sa tunay na liwanag ng kuweba."* | lugar na ginantimpalaan ng diwata at tanging mabubuting tao lamang ang nakakakita ng liwanag nito. | lugar na nagtataglay ng kababalaghan o biyaya, at na ang mga ito ay ginagantimpalaan lamang sa mga taong mabuti at may dalisay na hangarin—isang pagpapakita ng pananampalataya sa kagandahang-asal at kalikasan bilang espiritwal na puwersa. |
| **Alamat ng Dakilang Ahas: Bantay ng Dagat sa Sohoton** | *"Ayon sa matatanda, si Saliya ay isinumpang diwata noon, bantay ng kalikasan na ginawang ahas matapos magalit sa mga tao na sumira sa mga korales." "Kapag may dumating na bagyong malakas... siya'y tahimik na gumagalaw sa ilalim ng tubig upang itulak ang mga alon palayo sa pampang."* | Mayroong isang dakilang ahas sa Sohoton na nagbabantay sa dagat at tumutulong sa mga tao tuwing may panganib. | Ipinapakita ng paniniwalang ito ang paggalang sa kalikasan bilang may espiritu o tagapangalaga. Isa itong mahalagang aspeto ng kultura ng Socorro—ang pananampalataya sa mga di-nakikitang puwersang nagpoprotekta sa kanilang lugar. |
| **Ang Higanteng Isda ng Karagatan ng Sohoton** | *"Baka siya ang Bantay ng Tubig—isang alamat dito sa Sohoton. Sinasabing nagpapakita lamang ito sa mga taong marunong rumespeto sa dagat."* | May mahiwagang nilalang sa karagatan ng Sohoton—ang Bantay ng Tubig—na nagpapakita lamang sa mga taong marunong rumespeto sa dagat. | Isang malalim na pananampalataya sa mga espiritu ng kalikasan. Pinaniniwalaan ng mga taga-Socorro na ang kalikasan ay may tagapangalaga, at tanging ang mga taong may malasakit dito ang nabibigyan ng pribilehiyong masilayan ang kanilang anyo. |
| **Ang Puno ng Dawongdong** | *"Hindi lahat ng biyaya ay nakikita sa bunga. Ang punong iyan, bagamat simpleng tingnan, ay nagbibigay-buhay sa dagat at lupa. Dahil sa kanya, busog ang isda, at buhay ang mga langgam."* | Ang puno ng Dawongdong ay nagbibigay-buhay sa kalikasan kahit ito ay walang bunga—nakapagpapalusog ito ng mga isda at tumutulong sa mga langgam. | Pinaniniwalaan ng mga taga-Socorro na may halaga ang bawat nilalang sa kalikasan, kahit ito'y tila walang silbi sa unang tingin. Isa itong pagsasakatawan ng paggalang at pananampalataya sa likas na balanse ng kalikasan. |

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng masusing pagsusuri sa limang Alamat gaya ng *Hagukan Cave, Alamat ng Crystal Cave sa Sohoton, Alamat ng Dakilang Ahas: Bantay ng Dagat sa Sohoton, Ang Higanteng Isda ng Karagatan ng Sohoton, at Ang Puno ng Dawongdong* mula sa bayan ng Socorro, Surigao del Norte. Sa bawat kuwento, lumilitaw ang malalim na ugnayan ng paniniwala ng mga mamamayan sa mga elemento ng kalikasan gaya ng kakaibang nilalang sa kuweba, dagat, ilog, at punongkahoy. Mula sa mga piling pahayag, makikita na ang mga lugar na ito ay hindi lamang pisikal na espasyo kundi tahanan din ng mga espiritu, nilalang, at kababalaghan, na nagbibigay-babala at gabay sa mga tao. Sa ganitong paraan, ang mga alamat ay nagsisilbing salamin ng paniniwala at takot na may kinalaman sa kalikasan. Ayon kay Yason (2012), ang alamat ay karaniwang tumatalakay sa katutubong wika, tradisyon, kultura, o kapaligiran.

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

Kasama na dito ang mga katangiang maganda tulad ng pagiging matapat, matapang, at matulungin. Pinatunayan sa pag-aaral nina Ilagan (2020), Guromba (2019) na ang mga kwentong-bayan ay sumasalamin sa tradisyon ng mga tao na nagpapakita ng kanilang pagkakakilanlan.

Ang bawat paniniwala na nabanggit sa talahanayan 2 ay nagpapalalim sa pagkilala ng mga tao sa kahalagahan ng kalikasan sa kanilang buhay. Sa pamamagitan ng mga kuwentong ito, naipapasa mula henerasyon sa henerasyon ang mga aral ukol sa paggalang sa kalikasan at sa mga hindi nakikitang puwersa sa paligid. Ayon kay Aggarao (2016) mula sa kanyang dokumentaryong pagsusuri na nagpapakita na dapat bigyang pansin ang natatanging kultura at panitikan kasabay ang modernisasyon. Halimbawa, ang paniniwala sa mga multo, diwata, o espiritu sa kuweba at kagubatan ay humuhubog sa pananaw ng mga tao sa mga lugar na ito bilang sagrado at dapat igalang. Ang ganitong paniniwala ay hindi lamang bahagi ng imahinasyon kundi isang anyo ng kaalaman at moralidad na ginagamit upang itama ang asal ng komunidad.

Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan 2 na ang mga kwentong-bayan ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng kultura at kaakibat na pagpapahalagang kultural ng mga taga-Socorro na inilalahad na nagkakaroon ng iba't ibang mga paniniwala sa mga kakaibang nilalang sa kuweba, dagat, ilog, at punongkahoy na kung saan ang mga lugar na ito ay hindi lamang pisikal na espasyo kundi tahanan din ng mga espiritu, nilalang, at kababalaghan, na nagbibigay-babala at gabay sa mga tao na siyang hinuhubog sa pananaw na ang mga lugar na ito ay panatilihing sagrado at dapat igalang ninuman.

Batay sa talahanayan 3 ang ugnayan ng mga piling pahayag sa mga norms o pamantayang panlipunan at kultural na pagpapahalaga ng mga taga-Socorro.

**Talahanayan 3.**Pagpapahalagang Kultural (Identidad) Batay sa Aspetong Norms

| PAMAGAT NG KUWENTO | PILING PAHAYAG | NORMS | PAGPAPAHALAGANG KULTURAL |
|---|---|---|---|
| **Hagukan Cave** | *"Aba! Pwede ba akong sasama sayo?" sagot ni Jose. "at pwede rin ba akong sumama din sa inyo?" saad ni Mario."* | Ang pagtutulungan at sama-samang pangingisda ng magkakaibigan. | Ipinapakita rito ang norm ng bayanihan o pagtutulungan sa pamumuhay. Karaniwan sa mga pamayanang mangingisda ang sabayang pangingisda bilang pakikibahagi sa kabuhayan at pagkakaibigan. |
| **Alamat ng Crystal Cave sa Sohoton** | *"Walang pag-aalinlangan, tinulungan siya ni Alona—binigyan ng tubig, binalutan ng damit, at inalalayan papasok sa kweba para makasilong."* | Ang pagtulong sa nangangailangan kahit abataan kilala. | Ipinapakita dito ang pagiging matulungin bilang normal at inaasahang asal, lalo na sa mga nangangailangan. Isa itong mahalagang norm na bahagi ng komunidad ng Socorro—ang pagkakawanggawa at malasakit sa kapwa. |
| **Alamat ng Dakilang Ahas: Bantay ng Dagat sa Sohoton"** | *"Dinala siya ng ahas paakyat sa ibabaw ng tubig, at mula noon, abataa tagapagsalaysay siya ng kwento ni Saliya."* | Ang pagbabahagi ng abata o kwento bilang bahagi ng paghubog sa kaalaman ng komunidad. | Ang pagpasa ng mga kwento mula sa matatanda hanggang sa mga bata ay nagpapakita ng norm ng pagbabahagi ng karunungan at paghubog sa kamalayan sa kalikasan. Ginagamit ito upang turuan ang abataan na rumespeto at mahalin ang kanilang kapaligiran. |
| **Ang Higanteng Isda ng Karagatan ng** | *"Hindi na sila nagtatapon ng basura sa dagat, at* | Ang hindi pagtatapon ng basura at ang | Makikita ang kolektibong pag-aangkop ng pamayanan sa isang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Sohoton** | *tinuturuan nila ang mga bata kung paano pangalagaan ang karagatan."* | pagtuturo sa mga abataan ng pangangalaga sa dagat ay abataa normal na kaugalian ng komunidad. | positibong asal bilang tugon sa paniniwalang espiritwal. Nagiging bahagi ito ng kanilang araw-araw na pamumuhay at edukasyon, na sumasalamin sa kulturang nakatuon sa ekolohiya at *intergenerational learning.* |
| **Ang Puno ng Dawongdong** | *"Tinanong niya ang isang matandang mangingisda, 'Bakit hindi pinuputol ang punong iyan kung wala abata bunga?' Ngumiti ang matanda at sumagot…"* | Ang hindi pagputol abataa ng Dawongdong ay bahagi ng normal na asal ng komunidad. | Ipinapakita nito ang norm ng pag-iingat at pagpapanatili ng kalikasan sa Socorro. Hindi kinakailangang pakinabangan sa paraang abataan ang isang bagay upang ito ay pahalagahan—isang asal na may ugat sa paggalang sa kapaligiran. |

Ipinapakita ng talahanayan 3 ng mga piling pahayag mula sa mga Alamat o kuwentong-bayan na may malinaw na mga inaasahang asal o gawi sa komunidad. Halimbawa, sa *Hasukon Cave*, itinuturing na mahalaga ang pagsama-sama at pagtutulungan, lalo na sa pagpasok sa mga delikadong lugar, na nagpapakita ng pagkakaisa at malasakit sa isa't isa. Ayon kina Langahid at Catipay (2022), ang pagpapakita ng pagtutulungan at pagkakaisa ay mahalaga sa isang komunidad upang magkaroon ng isang payapang lipunan. Sa parehong paraan, ipinapahayag sa *Crystal Cave* ang pangangailangang igalang ang mga hindi kilala at iwasan ang paglabag sa mga lugar na itinuturing na sagrado o may espiritwal na kahulugan. Ayon kay De Leon (2012), ang paggalang ng mga mamamayan sa kalikasan ay buhay sa kanilang kaisipan dahil bahagi sila ng isang mas malaking katotohanan kung saan hindi ang tao ang pinaka-bida. Kaya naman magalang ang kanilang pakikitungo sa mga elemento ng kalikasan.

Ang mga *norms* na nailahad ay tumutukoy sa tamang asal na inaasahan ng lipunan—tulad ng pagbabahagi ng kaalaman, pagsunod sa batas o paalala, at pagrespeto sa kalikasan at kapwa. Ang alamat ng *Dakilang Ahas* ay nagpapakita kung paanong ginagamit ang mga kuwento upang mapanatili ang kaalaman sa kasaysayan at kaugalian ng komunidad. Ayon kina Platil et.al (2024), Ang pagpapahalaga ng ating kultura at kasaysayan ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa ating mga tradisyon at yaman ng kultura. Ito ay nagreresulta sa mas mataas na respeto at pagkamalugod sa ating sariling kultura, na nagpapalakas ng pagkakakilanlan at pagkakaisa sa ating bansa. Sa kabilang banda, ang *Alamat ng Higanteng Isda* at *Puno ng Dawondong* ay nagtuturo ng pagkilala sa mga bagay na hindi karaniwan at pagtanggap sa mga ito bilang bahagi ng kultura at pamayanan. *"Dahil sa paniniwalang may espiritung nananahan sa iba't ibang pook sa kagubatan, kakahuyan, ilugan, kweba, at iba pang dipamilyar na puntahan,"* paliwanag ni Resti Pitogo na mula sa pag-aaral ni De Leon (2012), *"iniiwasan ng Mangyan na gambalain at magalit ang mga espiritung ito."*

Sa pangkalahatan, ang talahanayan blg. 03 ay nagpapakita na ang mga kuwento ay instrumento ng pagsasalin ng pamantayan, kaugalian, at pagpapahalaga sa mga kabataan. Ipinapasa ang mahahalagang aral gaya ng disiplina, paggalang, at pananagutan sa kalikasan sa paraang makabuluhan at madaling maunawaan. Sa pamamagitan ng mga kuwentong ito, naisasalin mula sa matanda hanggang sa kabataan ang mga paniniwala at asal na bumubuo sa pagkakakilanlan ng mga taga-Socorro.

Batay sa talahanayan 3 ang pagsusuri ng mga mores o mas mataas na pamantayang moral sa mga alamat ng Socorro.

**Talahanayan 4.** Pagpapahalagang Kultural (Identidad) Batay sa Aspetong Mores

| PAMAGAT NG KUWENTO | PILING PAHAYAG | MORES | PAGPAPAHALAGANG KULTURAL |
|---|---|---|---|
| **Hagukan Cave** | *"Sige at bilisan na natin para di tayo abutan dito ng paglaki ng tubig" saad naman ni Jose.* | Pag-iingat at paggalang sa kalikasan at mga lugar na may misteryo o di pangkaraniwan. | May moral na obligasyon silang umalis sa isang lugar na sa tingin nila ay may panganib. Ipinapakita nito |

IJARSCT

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ang pagpapahalaga sa kaligtasan at respeto sa mga lugar na may mahiwagang aspeto, isang pagpapahalagang kultural na tumatagos sa pamumuhay ng mga taga-Socorro. |
| **Alamat ng Crystal Cave sa Sohoton** | *"Alona," wika ng diwata, "sa iyong kabutihan at malasakit, nais kitang gantimpalaan."* *"Ang kabutihang-loob, kahit sa gitna ng dilim, ay maaaring lumikha ng liwanag na walang kapantay."* | Ang pagpapahalaga sa kabutihang-loob bilang batayan ng gantimpala at paggalang sa banal na puwersa ng kalikasan. | Ito ay nagpapakita ng ang kabutihan ay dapat laging pairalin, at ito ay may katumbas na gantimpala mula sa kalikasan o espiritu. Ang hindi pagtulong sa nangangailangan ay maaaring turingin bilang paglabag sa moralidad ng pamayanan. |
| **Alamat ng Dakilang Ahas: Bantay ng Dagat sa Sohoton"** | *"Kaya dapat natin itong alagaan—dahil may mata ang dagat, at puso ang mga nilalang sa kailaliman."* *"Ang kalikasan ay may mga tagapangalagang hindi natin laging nakikita, ngunit laging naroroon kung tayo'y marunong rumespeto at magmahal."* | Ang paggalang at pangangalaga sa kalikasan ay tungkulin ng bawat tao. | Ipinapakita nito na ang pangangalaga sa kalikasan ay hindi lamang pisikal na tungkulin kundi moral na obligasyon. Isa ito sa pinakamahalagang *mores* ng mga taga-Socorro—ang moralidad ng responsableng pakikitungo sa kalikasan. |
| **Ang Higanteng Isda ng Karagatan ng Sohoton** | *"Mula noon, mas naging maingat ang mga mangingisda sa Sohoton."* | Ang pagrespeto at pag-iingat sa kalikasan ay tungkuling moral ng bawat isa—kapag nilabag ay itinuturing na kasalanan hindi lang sa kalikasan kundi sa komunidad. | Ang moralidad sa pakikitungo sa kalikasan ay bahagi ng pamantayan ng komunidad. Ipinapakita na ang hindi paggalang sa dagat ay hindi lamang maling gawain kundi paglabag sa paniniwala at dangal ng pamayanan. |
| **Ang Puno ng Dawongdong** | "Ang punong iyan... ay nagbibigay-buhay sa dagat at lupa." | Ang hindi pagsira o pagputol ng punong may mahalagang papel sa ekolohiya ay moral na obligasyon ng komunidad. | Makikita rito na ang pakikialam o pagwasak sa mga sangkap ng kalikasan ay labag sa moralidad. Ang mga taga-Socorro ay nakatuon sa pangangalaga sa kapaligiran bilang responsibilidad sa susunod na henerasyon. |

Ipinapakita ng talahanayan 4 ang mga piling pahayag mula sa iba't ibang alamat ang matinding pagpapahalaga sa kalikasan, na itinuturing na sagrado at dapat igalang. Halimbawa, sa *Hasukon Cave*, ang di-pagrespeto sa banal na lugar ay maituturing na labag sa moralidad ng komunidad. Ang ganitong pahayag ay nagpapahiwatig na ang mga tao sa

Socorro ay may malalim na paniniwala na ang kalikasan ay hindi basta-basta ginagalaw o pinapasok kung walang pahintulot o respeto. Ayon kina Platil et.al (2024), Ang pagpapahalaga ng ating kultura at kasaysayan ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa ating mga tradisyon at yaman ng kultura. Ito ay nagreresulta sa mas mataas na respeto at pagkamalugod sa ating sariling kultura, na nagpapalakas ng pagkakakilanlan at pagkakaisa sa ating bansa.

Ang mga mores na inilalahad ay nagpapakita ng mas mataas na antas ng panlipunang regulasyon, kung saan ang kalikasan ay binibigyang moral na halaga. Sa *Alamat ng Crystal Cave*, ipinapakita na ang paggalang sa kabundukan, kagubatan, at mga kuweba ay hindi lamang kaugalian kundi isang obligasyong moral. Ang ganitong uri ng mores ay nagpapakita na ang kalikasan ay hindi lamang yaman kundi kabahagi ng espiritwal na pagkatao ng mga taga-Socorro. Ayon Sa pag-aaral ni Lopez (2019), ang pangkapaligirang pagpapahalaga ay makakamit sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa pilosopiya, pagpapahalagang pangkalikasan at mga dinamikong panlipunan, mga metodo sa implementasyon para sa uri ng pagpapahalagang-pang-edukasyon batay sa moral na pagsulong, analitikong mga kasanayan, aktibong pagkatuto, at karunungang pangkalikasan sa mga pangkapaligirang edukasyon sa konteksto ng pormal at di-pormal na mga institusyong pang-edukasyon. Ganito rin ang mensahe sa *Alamat ng Dakilang Ahas* kung saan ang bawat bahagi ng kalikasan ay may buhay at kaluluwa kaya dapat itong alagaan at igalang. Ayon kay De Leon (2012), ang paggalang ng mga mamamayan sa kalikasan ay buhay sa kanilang kaisipan dahil bahagi sila ng isang mas malaking katotohanan kung saan hindi ang tao ang pinaka-bida. Kaya naman magalang ang kanilang pakikitungo sa mga elemento ng kalikasan.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan blg. 04 na ang mga alamat ay hindi lamang simpleng kuwento kundi daluyan ng pagpapalaganap ng moralidad at etika ng isang komunidad. Ginagamit ang mga ito upang maturuan ang mga tao, lalo na ang kabataan, ng mga pamantayan ng pag-uugali na tumutugon sa pananampalataya, kalikasan, at pamumuhay. Ang ganitong mga mores ay nagpapatibay sa pagkakakilanlan ng mga taga-Socorro bilang mga mamamayang may malalim na pananampalataya, respeto sa kalikasan, at kolektibong diwa ng pamumuhay. Sa pamamagitan ng alamat, naisasalin ang mga batayang moral na bumubuo sa kultura at pagkatao ng komunidad.

Makikita sa talahanayan 4 ang antas ng pagkakaroon ng pagpapahalagang kultural o identidad sa mga kuwentong nauugnay sa Sohoton Cove ay mataas hanggang napakataas sa iba't ibang aspeto.

**Talahanayan 5.** Antas ng Pagkakaroon ng Pagpapahalagang Kultural (Identidad)ang Matatagpuan sa Kuwento

| **Kuwento** | **Paniniwala (Beliefs)** | | **Norms** | | **Mores** | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Score** | **Qualitative Description** | **Score** | **Qualitative Description** | **Score** | **Qualitative Description** |
| Hagukan Cave | 5 | Napakataas | 4 | Mataas | 5 | Napkataas |
| Crystal Cave | 4 | Mataas | 4 | Mataas | 5 | Napkataas |
| Dakilang Ahas | 4 | Mataas | 4 | Mataas | 5 | Napkataas |
| Higanteng Isda | 4 | Mataas | 5 | Napakataas | 4 | Mataas |
| Puno ng Dawongdong | 4 | Mataas | 5 | Napakataas | 4 | Mataas |
| Mean | 4.2 | Mataas | 4.4 | Napakataas | 4.6 | Napkataas |

*Legend: 1-1.79 – Napakababa; 1.8-2.59 – Mababa; 2.6-3.39 – Katamtaman; 3.4- 4.19 – Mataas; 4.2 -5 – Napakataas*

Sa paniniwala (beliefs), ang mga kuwento tulad ng "Hagukan Cave" ay may napakataas na antas (score na 5), samantalang ang iba pang alamat ay may mataas na antas (score na 4), kaya't ang pangkalahatang mean ay 4.2 na nangangahulugang mataas ang presensya ng paniniwala sa mga kuwentong ito. Sa aspeto naman ng norms, karamihan sa mga kuwento ay may napakataas na antas ng pagpapakita ng mga inaasahang pamantayan sa lipunan, lalo na sa "Higanteng Isda" at "Puno ng Dawongdong" na may score na 5, kaya ang mean ay 4.4 na nagpapahiwatig ng napakataas na antas ng norms. Sa huli, sa aspeto ng mores o mahahalagang kaugalian at moralidad, lahat ng kuwentong sinuri ay may napakataas na antas (score na 4 o 5), na may mean na 4.6, na nagpapakita ng matibay na pagpapahalaga sa mga moral na pamantayan at tradisyon sa mga alamat.

IJARSCT

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

Sa kabuuan, ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga kuwentong-bayan ng Sohoton Cove ay may malalim at makabuluhang pagkakaugnay sa pagpapahalagang kultural ng komunidad. Ang mataas hanggang napakataas na antas ng paniniwala, norms, at mores ay nagpapahiwatig na ang mga alamat ay hindi lamang nagsisilbing kwento kundi mga daluyan ng pagpapasa ng kultura, tradisyon, at moralidad. Dahil dito, ang mga kuwentong ito ay may malaking potensyal na magamit bilang estratehiya sa pagtuturo ng lokalisadong edukasyon sa panitikan, na magpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at pagkakakilanlan.

Makikita sa talahanayan 5 ang epektong dulot ng Sohoton Cove sa Pag-unlad ng Lungsod ng Socorro, Surigao del Norte bilang lunsaran sa kultural at panturismong pagpapahalaga ng mga mamamayan at ng mga turista.

**Talahanayan blg. 06.** Epektong Dulot ng Sohoton Cove sa Pag-unlad ng Lungsod ng Socorro

| Aspeto | Mga Pahayag | Mean | SD | Qualitative Description |
|---|---|---|---|---|
| Pag- unlad ng Sosyo-Kultural | 1. Nakakatulong ito sa pagpapanatili ng mga lokal na tradisyon at kultura. | 1.41 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 2. Pinatataas nito ang pagmamalaki ng mga lokal na residente sa sariling kultura at tradisyon. | 1.42 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 3. Inaakit nito ang mga bisitang interesado sa kasaysayan, sining, at kultura. | 1.39 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 4. Lumilikha ng pagsasanib sa kultura (pagsasama ng mga balyus, kaugalian, at paniniwala). | 1.49 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 5. Nagpapataas ng kamalayan tungkol sa kahalagahan ng lugar o lugar na ito. | 1.41 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| | Overall | 1.42 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| Pag-unlad ng Ekonomiya | 1. Ito ay bumubuo ng kita para sa mga may-ari at mga establisimyento sa lungsod/munisipalidad. | 1.44 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 2. Pinapabuti nito ang pamantayan ng pamumuhay ng mga lokal na tao. | 1.66 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 3. Ang pagpapataas ng mga oportunidad sa trabaho para sa mga residente. | 1.54 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 4. Ito ay nagbibigay ng karagdagang kita sa LGU tulad ng mga buwis. | 1.41 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 5. Nagbibigay ito ng mas magandang plano para sa pag-unlad ng lalawigan. | 1.43 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| | Overall | 1.5 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| Pag-unlad ng Turismo | 1. Ang promosyon ng Socorro bilang isang sentro ng turismo. | 1.27 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 2. Pinahusay na ugnayan sa pagitan ng opisina ng turismo at kagawaran ng turismo | 1.5 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 3. Pagtaas ng bilang ng mga turista sa Socorro (lokal at/o banyaga) | 1.36 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 4. Ito ay nagpapataas ng antas ng partisipasyon ng mga lokal na tao bukod pa sa mga turista. | 1.56 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| | 5. Ang mga may-ari/namamahala ng mga hotel at restaurant ay naipabatid na panatilihin ang mga pamantayan para sa kaligtasan at sanitasyon upang hindi mabigo ang mga turista/ bisita. | 1.54 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| | **Overall** | **1.44** | **0.48** | **Lubos na sumasang-ayon** |

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

Ang aspeto ng sosyo-kultural ay may kabuuang mean na 1.42, na may deskripsyong "Lubos na Sang-ayon," na nagpapakita ng malakas na paniniwala ng mga mamamayan na positibo ang epekto ng Sohoton Cove sa kanilang ugnayan at kultura. Ang pinakamataas na mean ay makikita sa indicator na "Lumilikha ng pagkakaisa sa mga mamamayan" (mean = 1.49), na nagpapahiwatig na ang Sohoton Cove ay mahalagang salik sa pagpapatatag ng pagkakaisa at pagtutulungan sa komunidad. Samantala, ang pinakamababang mean ay nasa "Inaakit nito ang mga tao upang makilahok sa mga gawaing pangkultura" (mean = 1.39), na bagamat mababa, ay nananatili pa ring nasa antas ng "Lubos na Sang-ayon." Ipinapakita nito na ang Sohoton Cove ay higit na nakakatulong sa pagkakaisa kaysa sa aktwal na paglahok ng mga tao sa mga gawaing pangkultura. Sa kabuuan, pinatutunayan ng datos na mahalaga ang papel ng Sohoton Cove sa pagpapatibay ng sosyo-kultural na aspeto ng Socorro.

Para sa pag-unlad ng ekonomiya, ang kabuuang mean ay 1.50, na siyang pinakamataas sa tatlong aspeto at may deskripsyong "Lubos na Sang-ayon." Pinakamataas ang mean sa indicator na "Pinapabuti nito ang kabuhayan ng mga mamamayan" (mean = 1.66), na nagpapakita ng malakas na paniniwala na ang Sohoton Cove ay nakakatulong sa pag-angat ng kabuhayan at kita ng mga tao. Pinakamababa naman ang mean sa "Nagbibigay ito ng oportunidad sa mga mamamayan" (mean = 1.41), na bagamat mababa, ay nananatiling positibo at nagpapakita na may benepisyo pa rin sa aspeto ng oportunidad. Sa pangkalahatan, ang datos ay nagpapahiwatig na ang Sohoton Cove ay pangunahing tagapag-ambag sa pag-unlad ng ekonomiya ng Socorro, lalo na sa aspeto ng kabuhayan ng mga residente.

Sa aspeto ng turismo, ang kabuuang mean ay 1.44, na may deskripsyong "Lubos na Sang-ayon." Ang pinakamataas na mean ay makikita sa indicator na "Pinahuhusay nito ang serbisyo sa mga turista" at "Ito ay nakakatulong sa promosyon ng Socorro bilang destinasyon" (parehong mean = 1.56), na nagpapakita na ang Sohoton Cove ay napakahalaga sa pagpapabuti ng serbisyo at promosyon ng turismo sa lugar. Pinakamababa naman ang mean sa "Ang promosyon ng Sohoton Cove ay nakakaapekto sa dami ng turista" (mean = 1.27), na maaaring nagpapahiwatig na bagamat malaki ang epekto ng Sohoton Cove sa turismo, may mga pagkakataon pa ring hindi ito ganap na nararamdaman sa dami ng turistang dumarating. Sa kabuuan, ang Sohoton Cove ay nananatiling mahalagang pook panturismo na nagpapasigla sa industriya ng turismo ng Socorro.

Ang mga resulta ay nagpapakita na ang Sohoton Cove ay may malawak at positibong epekto sa sosyo-kultural, ekonomiya, at turismo ng Socorro. Pinakamalaki ang epekto nito sa ekonomiya, partikular sa pagpapabuti ng kabuhayan, habang sa sosyo-kultural ay higit itong nakakatulong sa pagkakaisa ng komunidad. Sa turismo, malaki ang ambag nito sa pagpapabuti ng serbisyo at promosyon ng lugar. Ang mga datos na ito ay nagpapahiwatig na ang Sohoton Cove ay isang mahalagang yaman na dapat pang pagyamanin at isama bilang bahagi ng lokalisadong edukasyon at pagpapalago ng komunidad.

Batay sa resulta ng correlation analysis na ipinakita sa talahanayan 7, makikita na ang ugnayan sa pagitan ng mga pagpapahalagang kultural na matatagpuan sa Sohoton Cove at ang mga epektong dulot nito sa mga mamamayan ng Socorro ay may Pearson’s r na 0.24, na nagpapahiwatig ng mahina o mababang positibong relasyon.

**Talahanayan 7.** Makabuluhang Ugnayan ang mga Pagpapahalagang Kultural na Matatagpuan sa Sohoton Cove sa Epektong Dulot nito sa mga Mamamayan ng Socorro

| Variables | Pearson's r** | p-value * | Remark |
|---|---|---|---|
| Pagpapahalagang Kultura vs Epekto | 0.24 | 0.846 | Not Significant |

**Significant at $p < 0.05$ level of significance*

*** PearsonProduct-Moment Correlation Analysis*

Gayunpaman, ang p-value na 0.846 ay mas mataas kaysa sa antas ng kahalagahan na 0.05, kaya’t ang ugnayan ay hindi itinuturing na makabuluhan o statistically significant. Ibig sabihin, batay sa datos na ito, walang sapat na ebidensya upang patunayan na may malakas o makabuluhang koneksyon ang pagpapahalagang kultural sa mga epekto na nararanasan ng mga mamamayan dulot ng Sohoton Cove.

Ang resulta ay maaaring magpahiwatig na ang mga epekto ng Sohoton Cove sa komunidad ay maaaring maimpluwensyahan ng iba pang mga salik bukod sa mga pagpapahalagang kultural, o kaya naman ay nangangailangan ng mas malawak at mas malalim na pag-aaral upang matukoy ang tunay na relasyon ng mga ito.

Copyright to IJARSCT
www.ijarsct.co.in
DOI: 10.48175/IJARSCT-28405

Gayundin, maaaring limitado ang datos o maliit ang sample size kaya hindi lumabas ang makabuluhang ugnayan sa kasalukuyang pagsusuri. Sa kabila nito, mahalaga pa rin ang pagpapahalagang kultural bilang bahagi ng konteksto ng pag-unlad ng Socorro, ngunit ang epekto nito sa mga mamamayan ay maaaring mas kumplikado at nangangailangan ng masusing pag-aaral.

**BUOD**

Layunin ng pananaliksik na ito na punan ang kasalukuyang puwang sa kaalaman hinggil sa potensyal ng Sohoton Cove bilang tanawin ng pagkakakilanlan ng Socorro. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa etimolohiya, kultura, at kontribusyon nito sa lokal na turismo, magamit ang pag-aaral na ito bilang estratehiya para sa paggamit ng Sohoton sa pagtuturo ng lokalisadong edukasyon. Ang ganitong pananaliksik ay makakatulong sa pagtataguyod ng mas malalim na pagkilala sa pagkakakilanlan ng Socorro sa loob at labas ng rehiyon.

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng deskriptibong kwali-Kwantitatibong disenyo ng pananaliksik. Kwalitatibo upang maunawaan ang mga karanasan, pananaw, at interpretasyon ng mga tao tungkol sa Sohoton Cove at ang kaugnayan nito sa pagkakakilanlan ng Lungsod ng Socorro. Samantalang kwantitatibo naman upang mailarawan ang epektong dulot ng Sohoton Cove sa pag- unlad ng Lungsod ng Socorro.

Ang mga impormante ng nasabing pag-aaral: Una, ay ang mga lumad o residente ng Socorro na may edad na 18 hanggang 80 taong gulang ang magiging pangunahing tagatugon sa pag-aaral na ito. Makukuha mula sa kanila ang mga pananaw tungkol sa kasaysayan, kultura, at kahalagahan ng Sohoton Cove sa kanilang buhay. Ikalawa, ang mga turista na bumibisita sa Sohoton Cove ay magbibigay ng pananaw tungkol sa kanilang karanasan sa lugar at kung paano ito nakakaapekto sa kanilang pang- unawa sa Lungsod ng Socorro. At ang pangatlo, ang mga stakeholder na may interes sa Sohoton Cove, tulad ng mga local na opisyal, mga negosyante, mga environmentalist, at mga grupo ng komunidad. Makukuha mula sa kanila ang mga pananaw tungkol sa pag-unlad, preserbasyon, at pangangalaga ng lugar.

Ang instrumentong gagamitin sa pananaliksik na ito ay pakikipanayam na kung saan ang mananaliksik ay magtatanong sa mga impormante na siyang pagkukunan ng mga datos. Ang pagkuha ng impormasyon sa isang impormante ay may awtoridad o may personal na pagka-unawa sa paksa ng pananaliksik.

**Natuklasan.** Batay sa nakalap na mga datos, natuklasan sa nasabing pag-aaral ang mga sumusunod:

Sa aspeto ng Paniniwala, malinaw na ang mga kuwentong-bayan mula sa bayan ng Socorro, Surigao del Norte ay nagsisilbing mahalagang daluyan ng pagpapahalagang kultural at identidad ng komunidad. Ang mga alamat ay nagpapakita ng malalim na ugnayan ng mga mamamayan sa kalikasan. Sa ganitong paraan, ang mga kuwentong-bayan ay hindi lamang nagpapakita ng kasaysayan kundi nagsisilbing pundasyon ng pagkakakilanlan at kultura ng mga taga-Socorro.

Sa aspeto ng norms, ipinapahayag sa mga Alamat o kuwentong-bayan na may malinaw na mga inaasahang asal o gawi sa komunidad, itinuturing na mahalaga ang pagsama-sama at pagtutulungunan, lalo na sa pagpasok sa mga delikadong lugar, na nagpapakita ng pagkakaisa at malasakit sa isa't isa. Sa parihong paraan, ipinapahayag din sa isang kuwento ang pangangailangang igalang ang mga hindi kilala at iwasan ang paglabag sa mga lugar na itinuturing na sagrado o may espiritwal na kahulugan.

Sa aspeto ng mores, ipinapakita sa mga piling pahayag mula sa iba't- ibang alamat ang matinding pagpapahalaga sa kalikasan, kabundukan, kagubatan at mga kuweba na itinuturing na Sagrado at dapat igalang.

Batay sa mga resulta ng datos na ipinapakita sa Talahanayan blg. 05 itoy nagpapakita na ang mga kuwentong- bayan sa Sohoton Cove ay may malalim at makabuluhang pagkakaugnay sa pagpapahalagang kultural ng komunidad.

Batay sa mga resulta ng mga datos na ipinapakita sa talahanayan blg. 06 nagpapakita na ang Sohoton Cove ay may malawak at positibong epekto sa sosyo-kultural, ekonomiya, at turismo ng lungsod ng Socorro.

Batay sa resulta ng mga datos na ipinahihiwatig ng talahanayan blg. 07 na walang sapat na ebidensyang nagpapakita ng malakas o makabuluhang koneksyon sa pagitan ng dalawang baryabol. Maaaring ipakahulugan nito na ang epekto ng Sohoton Cove sa komunidad ay hindi lamang nakaugat sa mga aspeto ng kulturang pagpapahalaga, kundi posibleng may impluwensiya rin ang iba pang salik gaya ng ekonomiya, turismo, o mga panlipunang dinamika. Gayundin, maaaring nakaapekto ang limitadong sukat ng datos sa kinalabasan ng pagsusuri. Sa kabila nito, nananatiling mahalaga

ang mga pagpapahalagang kultural sa pagsusuri ng konteksto ng pag-unlad ng Socorro, ngunit ang kanilang aktuwal na epekto ay nangangailangan ng mas masusing pagsusuri at mas pinalawak na datos upang lubos na maunawaan.

**Kongklusyon**

Mula sa mga datos at resultang nakalap ay nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

Ang mga kuwentong-bayan ng Socorro, Surigao del Norte ay nagsisilbing mahalagang salamin ng kultural na pananaw, paniniwala, at pagpapahalaga ng komunidad. Sa pamamagitan ng mga alamat na nag-uugnay sa kalikasan at espiritwalidad, naipapasa mula salinlahi hanggang salinlahi ang mga panlipunang pamantayan, kagandahang-asal, at kolektibong pananagutan. Ang mga kuwentong ito ay hindi lamang libangan o simpleng salaysay kundi nagsisilbing tagapagdala ng kaalaman, moralidad, at pagkakakilanlan ng mga mamamayan.

Ang Sohoton Cove ay may mahalagang papel sa pag-unlad ng Lungsod ng Socorro, Surigao del Norte, lalo na sa aspeto ng sosyo-kultural, ekonomiya, at turismo. Ipinapakita ng datos na ang Sohoton Cove ay hindi lamang nagpapatibay sa ugnayan at pagkakaisa ng mga mamamayan, kundi nagiging daan din upang mapaunlad ang kanilang kabuhayan at mapalago ang industriya ng turismo sa lugar. Dahil dito, mahalagang patuloy na suportahan at pangalagaan ang Sohoton Cove upang mapanatili ang mga benepisyo nito at higit pang mapaunlad ang Lungsod ng Socorro sa hinaharap, mayroon mang mababang positibong ugnayan sa pagitan ng mga pagpapahalagang kultural sa Sohoton Cove at ang mga epekto nito sa mga mamamayan ng Socorro, subalit ang ugnayang ito ay hindi estadistikang makabuluhan.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga naging konklusyon para sa pagsusuri na ito, inirerekomenda ang mga sumusunod:

**Para sa mga Mag-aaral.** Pahalagahan at pag-aralan nang mabuti ang mga kuwentong-bayan ng kanilang komunidad. Sa pamamagitan ng malalim na pag-unawa sa mga alamat na nag-uugnay sa kalikasan at espiritwalidad, maipapasa natin ang mga mahalagang panlipunang pamantayan, kagandahang-asal, at kolektibong pananagutan mula sa isang henerasyon patungo sa susunod. Mahalaga ring gamitin ang mga kuwentong ito bilang gabay sa pagpapalago ng ating pagkakakilanlan at pagkakaisa bilang isang bayan. Kaya naman, rekomendado na maging aktibo ang mga mag-aaral sa pagtangkilik, pag-imbestiga, at paglikha ng mga proyekto na magpapalalim sa kanilang kaalaman tungkol sa mga kuwentong-bayan upang mapanatili at mapayaman ang kultura at tradisyon ng kanilang komunidad.

**Para sa mga Guro.** Mahalaga na kilalanin at bigyang-halaga ang mga kuwentong-bayan ng Socorro, Surigao del Norte bilang isang makabuluhang kasangkapan sa pagtuturo. Isama ang mga alamat at kuwentong-bayan sa kanilang mga aralin upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kultural na pananaw, paniniwala, at pagpapahalaga ng kanilang komunidad. Sa ganitong paraan, hindi lamang naipapasa ang kaalaman tungkol sa kasaysayan at kultura, kundi naipapahayag din ang mga panlipunang pamantayan, moralidad, at kolektibong pananagutan na mahalaga sa paghubog ng mabubuting asal at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral. Higit pa rito, hinihikayat na maging malikhain sa paggamit ng mga kuwentong ito upang mahikayat ang interes ng mga mag-aaral at maitaguyod ang pagmamalasakit sa sariling kultura at kapaligiran.

**Para sa Lokal na Pamahalaan**. Magpatupad ng mga konkretong hakbang upang mas lalo pang mapangalagaan at mapalago ang naturang lugar. Dapat pag-ibayuhin ang mga programa sa konserbasyon at sustainable tourism upang mapanatili ang likas na ganda at kultura ng komunidad, gayundin ang pagsasanay at suporta sa mga lokal na residente upang mapalakas ang kanilang kakayahan at kabuhayan. Mahalaga ring magkaroon ng matibay na pakikipagtulungan sa mga pribadong sektor at mga organisasyong pangkapaligiran upang matiyak ang balanseng pag-unlad ng Sohoton Cove na may malasakit sa kalikasan at kapakanan ng mga mamamayan. Sa ganitong paraan, matitiyak ang patuloy na pag-angat ng ekonomiya at turismo ng Socorro nang hindi nasasakripisyo ang pangmatagalang yaman at pagkakakilanlan ng lugar.

**Para sa mga Mananaliksik.** isagawa gamit ang mas malawak na saklaw ng datos at mas masusing metodolohiya upang lubusang maunawaan ang mga salik na nakakaapekto sa komunidad. Bukod dito, ang patuloy na pag-aaral sa papel ng mga kultural na pagpapahalaga ay dapat isulong upang higit pang mapalalim ang kaalaman sa dinamika ng komunidad ng Socorro at upang makatulong sa pagbuo ng mga angkop na polisiya at programang susuporta sa balanseng pag-unlad ng lugar.

IJARSCT

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

ISSN: 2581-9429

Volume 5, Issue 1, July 2025

Impact Factor: 7.67

## TALASANGGUNIAN


**[1].** Abad, M. A., & Ruedas, P. C. (2006). *Filipino Bilang Tanging Gamit sa Pagtututo. Binagong Edisyon*. National Book Store.

**[2].** Abaiz, R. S. (2018). *Bisa ng Kontekstuwalisasyon at Lokalisasyon ng Aralin sa Paglinang ng Kaalaman at Kasanayan ng mga mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino sa Baitang 11* [Unpublished master's thesis]. Tanza National High Comprehensive High School.

**[3].** Acree, Ali (2011), Contextualized Teaching and Learning. Nakalap mula sa http://jwilson.coe.uga.edu/ctl/ctl/intro/stdCTLdefn. html.

**[4].** Aliaga & Gunderson (2000), How Do Qualitative and Quantitative Research Differ. Nakalap mula sa http://colinmayfield.com/waterhealth/course2/Resources/qualitative%20vs%20quantitative%20data/10_summary.pdf

**[5].** Arca, Rechelle (2014), Interaktibong Pagtuturo sa Panitikan. Nakalap mula sa https://www.slideshare.net/Chellegenomi/ interaktibong-pagtuturo-ngpanitikan.

**[6].** Baker, Elaine (2011), Contextualized Teaching & Learning. A Promising Approach for Basic Skills Instruction. Nakalap mula sa https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED521932.pdf.

**[7].** Ballesteros, Jeffrey (2015), Localization and Contexualation of Science Activities in Enchancing Learners' Performance. Nakalap mula sa http://www.academia.edu/26424467/Localization_and_Contextualization_of_Science_Activities_in_Enhancing_Learners_Performance.

**[8].** Bandura, Albert (1977), Bandura Social Learning Theory. Nakalap mula sa https://www.simplypsychology.org/bandura.html.

**[9].** Batas Republika Blg. 10533 (2013), Official Gazette of the Republic. Nakalap mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/ 05/15/batas-republika-blg10533/.

**[10].** Bauer, Maximilian (2014), Advantages and Disadvantages of Contexualized Teaching and Learning. Nakalap mula sa https://www.grin.com/document/313371.

**[11].** De Leon, E. C. (2012). ANG HANUNUO-MANGYAN, AMBAHAN, AT ANG MISYON NG SIMBAHAN. Dalumat Ejournal, 3(1), 88-94.

**[12].** Del Mundo, M. A. (2015). *Pinakamahusay na Gawi sa Pagtuturo ng Panitikan sa mga Estudyante sa Baitang 9* [Unpublished master's thesis]. The National Teachers College.

**[13].** Javeňa, V. M. (2011). *Pagsusuri ng Piling Literaturang Asyano Patungo sa Pagbibigay ng Implikasyon Para sa Pagtuturo ng Panitikan sa Paaralang Sekundarya* [Unpublished master's thesis]. The National Teachers College.

**[14].** Langahid, M. L., & Catipay, T. A. (2022). Kalap-suri sa mga Piling Ritwal Oslobanon. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 10(3), 1-8.

**[15].** Lopez, L. M. (2019). Pagpapalaganap sa edukasyong pangkalikasan sa mga kursong edukasyong Filipino. BU R&D Journal, 22(2), 1-11.

**[16].** Lucero, R. (2016). *Panitikang Filipino*. Unibersidad ng Pilipinas.

**[17].** Platil, J. C., Sapalaran, J. C., Ortiz, S. A., Guiritan, Z. G., Ceniza, T. D., Cuizon, H. L., & Gaddi, J. G. (2024). Bisa ng Pagtuturo sa Makasaysayang Pagpapahalaga sa Kontemporanyong Kulturang Pilipino ng mga Mag-aaral sa Humanidades at Agham Panlipunan. International Journal of Research (IJR), 11(6), 82-94. HTTPS://DOI.ORG/10.5281/ZENODO.11561618